## Mga numero na tatawagan para sa impormasyon:

**Sangay sa Pagsubaybay at Pananaliksik ng mga Sakit na Hindi Gumagaling ng Pagtatala ng Kanser sa California Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California**

1631 Alhambra Blvd, Suite 200
Sacramento, CA 95816

**T:** (916) 731-2500 | **www.ccrcal.org**

PAGTATALA NG MAY KANSER sa Kalakhang Bay Area

**Pagpapatala ng Kanser sa Greater Bay Area**

39141 Civic Center Dr., Suite 425, Fremont, CA 94538

**T:** (510) 608-5000 | **F:** (510) 608-5100

https://cancerregistry.ucsf.edu/

**Mga County:** Santa Clara Region (Mga County ng Monterey, San Benito, Santa Clara at Santa Cruz), Bay Area Region (Mga County ng Alameda, Contra Costa, Marin, San Francisco at San Mateo)

**E-mail:** gbacr@ucsf.edu

Programa sa Pagsubaybay sa May Kanser ng Los Angeles County

**Programa sa Pagsubaybay sa Kanser ng Los Angeles**

University of Southern California Soto Street Building, Suite 305, 2001 N.Soto Street, MC 9238
Los Angeles, CA 90089-9238*
**Use zip 90032 for UPS/GSO/FedEx*

**T:** (323) 442-2300 | **F:** (323) 442-2301

https://keck.usc.edu/cancer-surveillance-program/

**County:** Los Angeles

**E-mail:** asklacsp@usc.edu

CRGC
PAGTATALA NG MAY KANSER SA KAIAKHANG CALIFORNIA

**Pagpapatala ng Kanser sa Greater California**

1750 Howe Ave, Suite 550, Sacramento, CA 95825

**T:** (916) 779-0300 | **F:** (916) 779-0264

http://crgc-cancer.org/

**Mga County:** Central Region (Mga County ng Fresno, Kern, Kings, Madera, Mariposa, Merced, Stanislaus, Tulare at Tuolumne), Sacramento Region (Mga County ng Alpine, Amador, Calaveras, El Dorado, Nevada, Placer, Sacramento, San Joaquin, Sierra, Solano, Sutter, Yolo at Yuba) Tri-County Region (Mga County ng San Luis Obispo, Santa Barbara at Ventura) Inland Empire Region (Mga County ng Inyo, Mono, Riverside at San Bernardino), North Region (Mga County ng Butte, Colusa, Del Norte, Glenn, Humboldt, Lake, Lassen, Mendocino, Modoc, Napa, Plumas, Shasta, Siskiyou, Sonoma, Tehama at Trinity), San Diego Region (Mga County ng Imperial and San Diego) Orange County

PAGTATALA NG MAY KANSER SA CALIFORNIA

**1631 Alhambra Blvd., Suite 200**
**Sacramento, CA 95816**

**T: (916) 731-2500**
**F: (916) 454-1538**

**ANG AMING MISYON |** Maghatid ng mataas na kalidad na data sa kanser para magamit sa pagligtas at pagpapabuti ng mga buhay.

**ANG AMING PANANAW |** Paglilingkuran ng CCR ang publiko sa pamamagitan ng napapanahon, nasa-pamantayan, pambuong estadong data sa kabuuan ng pagpapatuloy ng kanser para gawing target ang aksyon tungo sa paggamit ng data na may malakas na epekto.

**Ang California Cancer Registry ay produkto ng pagtutulungan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health), Surian ng Pagpapahusay ng Pampopulasyong Kalusugan (Institute of Population Health Improvement), UC Davis Health Systems, at mga panrehiyong rehistro ng kanser.**

CDPH California Department of Public Health

PAGTATALA NG MAY KANSER SA CALIFORNIA

1631 Alhambra Blvd., Suite 200
Sacramento, CA 95816
T: (916) 731-2500
F: (916) 454-1538

ANG AMING MISYON
Maghatid ng mataas na kalidad na data sa kanser para magamit sa pagligtas at pagpapabuti ng mga buhay.

ANG AMING PANANAW
Paglilingkuran ng CCR ang publiko sa pamamagitan ng napapanahon, nasa-pamantayan, pambuong estadong data sa kabuuan ng pagpapatuloy ng kanser para gawing target ang aksyon tungo sa paggamit ng data na may malakas na epekto.

# Ang Pagtatala ng Kanser sa California at Pananaliksik tungkol sa Kanser sa California

PAGTATALA NG MAY KANSER SA CALIFORNIA

## Itinataguyod ng CCR ang kalusugan ng lahat ng taga-California sa pamamagitan ng pag-aambag ng kaalaman at datos para sa pananaliksik at mga pagsisikap sa pagsasagawa ng pagkontrol sa kanser.

### Ano ang Pagpapatala ng Kanser

- Ang pagpapatala ng kanser ay isang sistema para kolektahin, itago, at pag-aralan ang datos tungkol sa mga taong may kanser.
- Kailangan ang mga pagpapatala ng kanser para masukat ang bigat na pasanin ng kanser sa ating komunidad, para tulungang matukoy ang mga dahilan ng kanser, at para makahanap ng mga lunas para sa ganitong mga sakit.
- May komprehensibong pagpapatala ng kanser ang California para masakop ang buong estado. Itinuturing itong isa sa pinakamahuhusay na pagpapatala ng kanser sa buong mundo.
- Ipinag-uutos ng batas ng estado na iulat ang bawat natukoy na kanser sa California sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health (CDPH), na namamahala sa Pagpapatala ng Kanser sa California (CCR).

### Paano kinukuha ng CCR ang impormasyon sa mga kaso ng kanser?

- Ipinag-uutos ng batas sa mga doktor, ospital, at iba pang pasilidad na nakatukoy at gumagamot ng mga pasyenteng may kanser na iulat sa CCR ang impormasyon sa mga kaso ng kanser.
- Nakikipagtulungan ang CCR at mga panrehiyong pagpapatala sa mga lokal na pasilidad sa pag-uulat para matiyak na kumpleto at tama ang impormasyon tungkol sa mga kaso ng kanser.
- Kinokolekta ng CCR ang mga datos na ito, nagsasagawa ng pagtitiyak ng kalidad na may maraming yugto, at sinusuri ang datos ayon sa batayan para sa buong estado.
- Sa bawat hakbang sa proseso, may ipinapatupad na mahigpit na pamamaraan para protektahan ang pagiging kumpidensyal ng pasyente.

### Anong datos ang kinokolekta ng CCR?

- Direktang nakuha ang lahat ng datos na nakolekta ng CCR mula sa mga medikal na rekord ng mga pasyenteng may kanser. Hindi kinakapanayam ng CCR ang mga pasyente.
- Kinokolekta ng CCR ang impormasyon sa demograpiya, pagkatuklas, at pagpapagamot ng mga indibidwal na kaso ng kanser.
  - » Kabilang sa datos kaugnay ng demograpiya ang: pangalan ng pasyente, address sa panahon ng pagkatuklas, kasarian, lahi, at edad sa panahon ng pagkatuklas.
  - » Kabilang sa datos kaugnay ng pagkatuklas ang: uri ng kanser (tulad ng kanser sa suso) at yuto ng sakit sa panahon ng pagkatuklas.
  - » Kabilang sa datos kaugnay ng pagpapagamot ang: kung nagpa-opera, sumailalim sa radiation, o sumailalim sa chemotherapy bilang unang yugto ng pagpapagamot.

### Para saan ginagamit ang mga datos?

**Ginagamit ang mga datos na nakolekta ng CCR para sa:**

- pagbabantay sa bilang ng mga bagong kaso ng kanser at mga pagkamatay dulot ng kanser sa paglipas ng panahon;
- pagsusuri ng pagkakaiba sa panganib ng kanser, gamutan, at pagkaligtas ng buhay;
- pagsusuri sa mga pagpipilian ng gamutan at iba pang tumutukoy sa pag-asang maligtas ang buhay;
- pagsukat sa tagumpay ng mga programa sa pagtukoy ng kanser;
- pagtugon sa mga alalahanin at katanungan ng publiko tungkol sa kanser; at
- pagsasagawa ng pananaliksik para alamin ang mga sanhi at lunas sa kanser.

### Ano ang nangyayari sa datos?

- Ginagamit ng CCR at mga panrehiyong pagpapatala ang datos para sumulat ng mga buod na ulat para ipaalam sa publiko, mga lokal na manggagawa sa kalusugan, mga educator, at mga kongresista ang tungkol sa estado ng kanser.
- HINDI naglalaman ng anumang impormasyon sa mga indibiduwal na kaso ng kanser ang ganitong mga buod na ulat. Pinagsasama-sama sa mga grupo ang datos sa mga ulat na ito para gamitin sa pagsusuri.
- Maaaring suriin ng mga mananaliksik ang mga datos na ito para tukuyin ang mga lugar na may mataas na bilang ng kanser, at mga lugar kung saan maaaring makinabang ang mga tao sa pagsusuri sa kanser at mga programang pang-edukasyon.
- Magagamit din ng mga mananaliksik ang mga datos na ito para tingnan ang mga trend sa mga paraan sa pagtuklas ng kanser.

### Hinihiling ba sa mga pasyenteng may kanser na makilahok sa mga pananaliksik?

- Kailangan sa ilang pag-aaral na kumuha ang mga mananaliksik ng mga karagdagang impormasyon mula sa mga indibiduwal na pasyenteng may kanser.
- Pinapayagan ang CCR at mga panrehiyong pagpapatala na isiwalat ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng pasyente sa mga kwalipikadong mananaliksik. Maaaring makipag-ugnayan ang mga mananaliksik na ito sa mga pasyente para malaman kung gusto nilang lumahok sa pananaliksik.
- Isisiwalat lamang ng CCR ang impormasyon sa mga kwalipikadong mananaliksik sa ilalim ng mahigpit na kontroladong kalagayan kung saan unang naaprubahan ang pananaliksik ng Komite sa Proteksyon ng mga Taong Subject ng California (California Committee for the Protection of Human Subjects (CPHS).





### Ano ang mga karapatan ng mga pasyente?

- May karapatan ang mga pasyente na tumanggi sa anumang pananaliksik nang hindi inilalagay sa panganib ang kanilang medikal na pangangalaga sa kasalukuyan o sa hinaharap.
- Binabantayan at pinoprotektahan ng Lupon sa Pang-institusyong Pagsusri (Institutional Review Board, IRB) na inaprubahan ng pederal sa institusyon mananaliksik. Hinihikayat ang mga pasyente na iulat at ipaalam ang kanilang mga alalahanin at reklamo sa IRB. Kailangang nakalakip ang impormasyon kung paano makipag-ugnayan sa IRB sa paunang sulat ng pakikipag-ugnayan mula sa mananaliksik.
- Maaari ding hilingin ng mga pasyenteng may kanser na huwag ibigay sa mga mananaliksik ang kanilang impomasyon sa pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa CCR at sa numerong nasa likod ng brochure na ito.

### Bakit lalahok sa pananaliksik tungkol sa kanser?

- Nagbibigay ito ng oportunidad na lumahok sa pakikipaglaban sa kanser.
- Salamat sa pakikilahok ng maraming pasyenteng may kanser, kanilang mga pamilya, at mga taong walang kanser, daan-daang pananaliksik ang naisagawa gamit ang datos ng CCR.
- May ambag ang pananaliksik na ito sa pagtuklas ng mga pangunahing salik sa panganib ng kanser, pagpapahusay ng pagpapagamot, at mas mataas na posibilidad na mabuhay ang mga pasyenteng may kanser sa California at sa buong United States.